HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 20 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI LAGUNA (2022-2025), NA GINANAP NOONG IKA - 1 NG DISYEMBRE 2022, SA BULWAGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

MGA DUMALO: Kgg. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan
Kgg. Charles Clifford F. Matta;
Kgg. Romel J. Villanueva
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros
Kgg. Stephanie Princes P. De Guzman
Kgg. Godfrey L. Lubuguin;
Kgg. Elma P. Flores, Kagawad;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Adrian O. Lope, SKF- President; (*Vacation Leave*)

**KAPASIYAHAN BLG. 085 – 2022**

**(May Akda : SB Romel J. Villanueva)**

**KAPASIYAHAN NA NAGHIHIKAYAT SA LABING SIYAM NA PAMAHALAANG BARANGAY NG BAYAN NG CAVINTI NA MAG-UPDATE NG KANILANG BARANGAY TAX AND REVENUE CODE.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991 Seksyon 22 (i), na tungkulin ng Sangguniang Bayan na repasuhin ang lahat ng mga ordinansang pinagtibay ng Sangguniang Barangay at mga kautusang tagapagpaganap na pinalabas ng punong barangay upang mapagpasiyahan kung ang mga ito ay nasasakupan ng lawak ng itinakdang mga kapangyarihan ng Sanggunian at ng Punong Barangay;

**SAPAGKAT,** alinsunod din sa Kodigo Seksyon 152 (a-d), na ang mga barangay ay maaaring magpataw ng mga buwis, butaw at singilin tulad ng itinatakda ng artikulo 4 ng Kodigo;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa tanggapan ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal Opinyon Blg. 34, T'2018 na ang mga *Barangay Clearance* ay kinakailangan ipasa sa anyo ng isang ordinansa ng kapangyarihang kumita sa ilalim ng lokal na otonomiya ng mga barangay sa pamamagitan ng kanilang itinakdang tungkulin ;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 9485 na mas higit na kilala sa *EASE OF DOING BUSINESS ACT* Seksyon 11 (e) na ang mga permiso sa pagnenegosyo ay kinakailangang i-*renew* sa petsa ng kanilang anibersaryo;

**SAPAGKAT,** ito rin ang magiging kasangkapan at nanapanahon na upang magkaroon ng isang *UNIFIED BARANGAY TAX AND REVENUE CODE* ng Labing Siyam na Barangay;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Sangguniang Bayan Member Romel J. Villanueva na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng miyembre ng Sangguniang Bayan na nagkakatipon na

**IPINASIYA**, gaya ng ngayon ay ginagawang pagpapasiya, na HIKAYATIN ANG LABING SIYAM NA PAMAHALAANG BARANGAY NG BAYAN NG CAVINTI NA MAG-*UPDATE* NA KANILANG *BARANGAY TAX AND REVENUE CODE*.

**IPINASIYA RIN**, na magbigay ng sipi ng kani-kanilang *BARANGAY TAX AND REVENUE CODE* sa tanggapan ng Sangguniang Bayan upang likomin at mabigyan ng tulong para sa kaagarang pag-uupdate.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Labing Siyam na Barangay para sa kanilang maagap na kaalaman, at kaukulang tala.

PINAGTIBAY.

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika- 20 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-1 ng Disyembre 2022.

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

MAY KINALAMAN:

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**Pangalawang Punumbayan**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**Punumbayan**